# INTERNATIONAL NAPASA (December 17th, 2024)

## 1)IMPORMASYON UKOL SA PAGTAAS NG RATE NG REBATE NG STARLIGHT MONEY

「スターライトマネー」の還元率引き上げのお知らせ

Ang Dito sa Hiratsuka City, mula sa pagitan ng December 1 hanggang 20 ay tataas ng 20 % ang rebate na dati ay 1% lamang. Subalit ang nasasaklaw dito ay ang pamimili ng nagkakahalaga ng ¥20000. At pagkatapos ng December 21 ay babalik mula sa 1% ang rebate. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay makikita sa Home Page ng Hiratsuka City o maaaring tumawag sa ***SECRETARIAT OFFICE (JIMU KYOKU)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0570-06-0505 ( 0570-06-0505 ).**

## 2)IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

魚直売会のお知らせ

Sa December 21 (Saturday) ay magkakaroon ng derektang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka City. Ang oras ay mula 11:00 ng umaga. Ito ay matatapos hanggang maubos ang mga paninda. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-21-0146 ( 0463-21-0146 ).**

## 3)IMPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa December 18 (Wednesday) ay magkakaroon ng libreng concert sa Hachimanyama no youkan. Mula 11:00 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali ay may Piano Concert at mula 2:00 hanggang 3:00 ng hapon ay may tugtuging Music Bell.

Para sa mas detalyadong pangalan ng kanta at musikero ay makikita sa Web site ng Hiratsuka City Office. Ang kapasidad ng tao na maaaring makapasok ay hanggang 60 tao. Para sa mga katanungan ay makipag-ugnayan sa Telephone No. **0463-35-71114 ( 0463-35-7114 ).**

## 4)PAGPAPAALAM UKOL SA PAGBABAGO SA PATAKARAN SA PAGBIBISIKLETA

自転車の運転規則変更マナーについて

Mula noong November 1 ang patakaran sa oras ng pagbibisikleta ay naging mahigpit na.

**ANG MGA SUMUSUNOD NA PAGLABAG AY PAPATAWAN NG PARUSANG MULTA O PAGKABILANGGO:**

1. Paggamit ng mobile phone habang nagbibisikleta.
2. Pakikipag-usap gamit ang mobile phone habang nagbibisikleta.
3. Pagbibisikleta matapos maka-inom ng alak.